

## ANG KONTRIBUSYON NG ISANG BABAENG BATAEÑO SA LARANGAN NG SIYENSA

*by:*

**Marlon D. Pizarro**

*Teacher III, Nagwaling Elementary School*

Tuwing buwan ng Marso, ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Kababaihan sa Pilipinas. Ito ay isang pagkakataon para bigyang-pugay at ipagdiwang ang mga kababaihan sa kanilang mga tagumpay at kontribusyon sa lipunan. Kaya naman ay kilalanin natin ang isang Pilipina na nagbibigay karangalan sa Probinsya ng Bataan. Si Dr. Lourdes J. Cruz ay isang kilalang siyentipiko at akademiko mula sa Morong, Bataan. Siya ay isang biochemist at kilala sa kanyang mga kontribusyon sa pag-aaral ng mga cone snails at kanilang venom. Dahil sa kanyang pananaliksik, nabuo ang pain killer para sa mga kaso ng epilepsy, cancer at schizophrenia.

Si Dr. Cruz ay nakapagtapos ng Bachelor of Science sa Chemistry sa University of the Philippines Diliman, siya ay nagtapos ng kanyang Master's at Ph.D. sa University of Iowa, USA. Siya ay naglingkod bilang propesor at mananaliksik sa Marine Science Institute ng University of the Philippines Diliman sa loob ng maraming taon, at nagkaroon rin ng iba't-ibang posisyon sa mga akademikong at siyentipikong organisasyon sa bansa. Siya rin ay mayroong matagumpay na karera sa pananaliksik, at nag-publish na ng higit sa 130 na akademikong papel.

Sa pagkilala sa kanyang mga kontribusyon sa siyensiya at pananaliksik, si Dr. Cruz ay nakatanggap ng maraming award at karangalan, sa Pilipinas at sa ibang bansa. Siya ang unang Pilipinong nahalal bilang fellow ng World Academy of Sciences at kinilala rin bilang isa sa mga National Scientist ng bansa. Ang kanyang mga trabaho ay nai-feature rin sa iba't-ibang internasyonal na mga journal at publication sa siyensiya, at

siya ay patuloy na nagbibigay inspirasyon at modelo sa mga nagnanais na maging siyentipiko at mananaliksik sa Pilipinas at sa buong mundo.

Patunay lamang na ang mga kababaihan ay may makabuluhang ambag sa ating lipunan.

*References:*

<http://www.spheres.dost.gov.ph/profiles/399-lourdes-j-cruz>

<https://www.flipscience.ph/news/features-news/features/national-scientist-lourdes-j-cruz/>